9/10/18:

Kagawaran ng Edukasyon
Region III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com  [][][]  Email: bulacan@deped.gov.ph

Setyembre 10, 2018

Para sa: Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya
At sa iba pang Kinauukulan

Ang Palalawigang Tannggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo ay magsasagawa ng paglulunsad ng aklat at kumperensya na may temang SINELIKSIK Bulacan: "Saliksik at Salaysay ng Kasaysayang ng Bayan Ko!", sa darating na ika-11 ng Setyembre 2018 sa ganap na ika-8:00 ng umaga sa Balagtas Hall, Hiyas ng Bulacan Connvention Center, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Dahil dito, inaanyayahan na dumalo ang 33 AP District Coordinators at 32 na guro ng AP (tig-aapat na guro: (1) AP guro ng Grade 3, (1) AP guro ng Grade 4, (1) AP guro ng Grade 5 at (1) AP guro ng Grade 6) mula sa mga pampublikong paaralang pang-elementarya ng mga sumusunod na bayan alinsunod sa DepEd Order No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-On Task and Ensuring Compliance Therewith):

1. Obando
2. Guiguinto
3. Pulilan
4. Hagonoy
5. San Rafael
6. Bustos
7. Baliwag
8. Plaridel

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng mga dadalo.

Ang gastusin sa pagdalo ay manggagaling sa pondong lokal ng paaralan na sasailalalim sa kinagawiang panuntunan sa pagtutuos at pag-aawdit.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. 191 , s. 2018

Republika ng Pilipinas
Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos
********

Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo

Management System ISO 9001:2008
TÜVRheinland CERTIFIED
www.tuv.com ID 9105086309

Agosto 6, 2018

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamanihala
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Noong nakaraang taon ay magkatuwang pong itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan at ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas ang SINELIKSIK Bulacan DocuFest 2017, na nagtampok sa kasaysayang lokal ng sampung lungsod/ bayan sa anyo ng *documentary film*.


Sa taon pong ito ay isasagawa ang **SINELIKSIK Bulacan: "Saliksik at Salaysay ng Kasaysayan ng Bayan Ko!", paglulunsad ng aklat at kumperensya**. Ito po ay gaganapin sa ika-11 ng Setyembre 2018 sa Balagtas Hall, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Lungsod ng Malolos, Bulacan, na inaasahang lalahukan ng mahigit 100 guro ng Araling Panlipunan mula sa apat na sangay ng Kagawaran ng Edukasyon sa lalawigan. Hangarin po namin na ang pananaliksik na ginamit sa paggawa ng docufilm noong nakaraang taon na ngayong taon ay isinaaklat ay magamit ng mga guro sa pagtuturo ng kasaysayan sa bawat lungsod at bayan na kanilang kinabibilangan.

Kaugnay nito, malugod po naming hinihiling na maipadala ng inyong tanggapan ang **33 AP District Adviser ng Bulacan at 24 na guro ng AP (tig-tatlong guro: AP Coordinator, 1 guro ng Grade 5 and 1 guro ng Grade 6) mula sa mga pampublikong paaralang pang-elementarya ng mga sumusunod na bayan** na itinampok sa docufilm at aklat:

1. Obando
2. Guiguinto
3. Pulilan
4. Hagonoy
5. San Rafael
6. Bustos
7. Baliwag
8. Plaridel





Gayundin, magalang po naming hinihiling na maanyayahang maging tagapagdaloy ng palihan (workshop facilitator) ang inyong **AP Supervisor na si Dr. Virgilio L. Laggui** sa nasabi ring kumperensiya.

Inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan. Kalakip po ng liham na ito ang burador ng palatuntunan para sa inyong kaalaman at patnubay.

Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno ng Tanggapan